# QC youth hinimok ng aktres sa pagbabasa

Hinikayat ng aktres na si Angelu de Leon ang mga kabataan ng Quezon City na ugaliing magbasa ng libro sa halip na lumipas ang oras sa paglalaro gamit ng mga gadgets.

Ang pahayag ay ginawa ni de Leon nang pangunahan ang storytelling activity sa QC Public Library-Cubao Branch na dinaluhan ng may 30 kabataan sa Barangay Kamuning sa naturang lunsod

Ang aktibidad ay isa sa mga programa ng QC Public Library na maipamalas sa mga kabataan ang kahalagahan ng pagbabasa ng kanilang mga aklat lalo na sa kanilang pag-aaral. *(Angie Dela Cruz)*